# Mula sa Editor

Habang sinusulat ang introduksyon na ito para sa isyu ng Daluyan, bumisita si Prop. Percival Almoro ng National Institute of Physics ng UP Diliman upang humingi ng mungkahi hinggil sa pagsasa-Filipino ng pamagat ng kanilang planong symposium na may kinalaman sa internasyunal na pagdiriwang sa liwanag. Mula rito, mas lumalim ang usapan kung mayroong mga salita sa wikang Filipino at iba pang wika sa Pilipinas ang may kaugnayan sa *liwanag*. Gamit ang mga diksyunaryo sa Filipino at iba pang wika sa Pilipinas, nasimulan ang koleksyon ng mga lokal at katutubong salita na makintal ang ugnayan sa liwanag bilang salita at konsepto. Wika ang naging daan upang mahimok ang interes ng siyentistang aming nakausap. Sa huli, hindi lamang mga naisalin na salitang may kinalaman sa liwanag ang naisulpot ng aming pana-panahong pulong, kundi maging ang palitan ng konsepto mula sa pinanggagaling namin na disiplina.

Mahalaga ang ganitong mga pagkakataong nagkikita ang mga akademiko mula sa iba't ibang disiplina, kahit na sa impormal na pamamaraan upang ang palitan ng kaalaman at pagbuo ng mga ideya ay lumawak. Inaasahan na hindi maglalaon, magkakaroon din ng praktikal na silbi ang aming naging usapan tungo sa pag-unlad ng agham at teknolohiya, kasabay ang paghango ng mga katutubo at kaalamang-bayan. Halimbawa nito ang posibilidad na proyekto kung saan magsasanib ang mga kaalaman sa agham at teknolohiya at sa wikang Filipino, tulad ng planong rebisyon ng Batayang Pisika na matagal-tagal na rin hindi nailalathala ng SWF. Sa ngayon, pangangailangan ang pagdagdag ng mga entri at pagbuo ng bagong balangkas ng mga batayang teksbuk sa agham at teknolohiya sa konteksto ng programang K12. Subalit ang mga planong ito'y wala pang tiyak na proseso. Pangangailangan ang mas mahabang konseptuwalisasyon at pakikipag-ugnayan sa mga pangunahing ahensiya at opisina sa loob at labas ng UP upang maisakatuparan ang mga balakin hinggil sa ambag ng wikang Filipino para sa higit na pag-unlad ng agham at teknolohiya sa ating bansa.

Nagpapatuloy ang produksyon ng mga pananaliksik na nakasulat sa wikang Filipino sa loob at labas ng Unibersidad ng Pilipinas. Patunay dito ang patuloy na paglalathala ng mga manuskrito sa Daluyan ng mga koleksyon ng pag-aaral, kritikal na mga sanaysay, at pananaliksik na nakatuon sa halaga ng wikang Filipino tungo sa pag-unlad ng iba't ibang larang sa akademiya. Mapalad ang henerasyon ngayon ng mga iskolar at mag-aaral ng wika, kultura at lipunang Filipino sapagkat sa pamamagitan ng teknolohiya, libre na nilang naaakses ang mga artikulo. Sa ganitong paraan, higit na napapabilis at napapaunlad ang diseminasyon ng publikasyong nakasulat sa wikang Filipino. Gayunman, sa tantya ng kasalukuyang administrasyon ng SWF, mahalaga pa rin ang mas abante, malawak at epektibong diseminasyon ng mga pananaliksik upang maabot nito ang mga institusyon at sektor ng edukasyon na higit na nangangailangang makapagbasa ng mga bagong saliksik. Hindi lamang upang pagkunan ng mga bagong ideya at kaalaman, kundi upang maging pangunahing gabay na rin sa paraan ng pagbabalangkas, pagbuo ng konsepto, at pagpili ng paksang nais pagtuunan ng pansin at pag-aralan.

Sa isyu na ito ng Daluyan, hinati at pinagsama-sama sa tatlong bahagi ang mga artikulo. Sinikap na pag-ugnayin ang mga pananaliksik sa pamamagitan ng nabuong diskurso sa wika at kung sa paanong paraan tumutulay ang wika sa iba't ibang larang. Naging matingkad ang ugnayan ng Wika at Kasaysayan bilang kategoryang tumatalakay sa historikal na konteksto ng wikang Filipino. Hindi lamang ang pag-unlad nito bilang wikang pambansa, kundi maging ang usapin ng pilosopiya, sosyolohikal na dalumat, at ang mismong pagsusuri sa Diksyunaryo ng Wikang Filipino gamit ang siyentipikong paraan na panunuri.

Naging tampok din na tema at paksa ng pananaliksik ang ugnayan ng wika sa mga usaping pangkomunidad. Dito nakita ang halaga ng paggamit ng wikang pamilyar at naiintindihan ng komunidad para sa pag-unlad ng pamayanan, instrumento sa pananaliksik, at pagpaplano ng komunidad tungo sa higit pa nitong pagkilala ng sariling lakas at kolektibong pagkilos upang patuloy na umiral. Mula sa mga usaping pang-kalikasan, midya, at rehabilitasyon, naisulong ang higit na pag-unawa sa mga batayang pangangailangan at kritikal na pagdalumat sa kultura't katangian ng komunidad gamit ang wikang Filipino bilang wika ng komunikasyon at pagkakaisa.

Huling bahagi ng isyu na ito ang nagpapatuloy na produksyon ng mga kritikal na sanaysay na nakatuon sa usapin ng panunuring pampanitikan. Hindi maitatanggi na ang disiplina pa ring ito ang isa sa mga pinakasulong at produktibong larang ng akademiya na nakabalangkas, hindi lamang sa panunuri ng panitikan, kundi maging ng kultura at lipunan. Dito, sinuri ang ilan sa akda ng mga batikang manunulat, at ang kontribusyon ng partikular na kasaysayang pampanitikan ng mga manunulat sa iba't ibang lugar sa Pilipinas tungo sa pagbuo ng pambansang panitikan. Sa kabuuan, patunay ang mga artikulong nakapaloob sa isyu na ito ng Daluyan na patuloy ang produksyon ng kaalaman sa iba't ibang larang gamit ang wikang Filipino. Sa pamamagitan nito, naipapakita ang epektibong silbi ng wikang Filipino para sa pagtasa at pagpapataas ng kaalaman sa sining, kultura at lipunan habang pinapanday ang ugnayan ng wikang Filipino sa agham at teknolohiya. Sa huli, ang mga saliksik na ito ang magiging daan upang makapaghawan pa ng mga bagong landasin sa pananaliksik na isa sa mga dahilan kung bakit itinatangi ang Unibersidad ng Pilipinas bilang pambansang pamantasan.

**Wika at Kasaysayan**

Lagi't lagi ng paksa ang ugnayan ng wika at kasaysayan sa mga pananaliksik ng mga eksperto at iskolar sa akademiya. Gayunman, hindi maikakatwang lagi rin namang may bagong ambag ang mga papel na sinisikap punan at bigyan ng partikular na halimbawa ang matingkad na ugnayan ng wika at kasaysayan. Narito ang artikulong "Nahuhuli at Panimulang Pagtatangka: Ang Pilosopiya ng Wikang Pambansa/Filipino" ni Melania Lagahit Flores na nakaangkla sa halaga ng wikang pambansa at ang historikal nitong pag-unlad. Sa pamamagitan nito, napakita ng pananaliksik na dumaan rin sa yugto-yugtong ugnayan at tunggalian ng ideya't pilosopiya ang wikang Filipino bilang wikang pambansa. Sa artikulong "Noon pa man, Nand'yan na; Ano't Inietsapwera: Ang Maraming Wika ng Pilipinas" ni Reuel M. Aguila, naisagawa ang pagdalumat sa wikang pambansa sa pamamagitan ng malikhaing at poetikong paraan. Gamit ang mga historikal na tala at naunang pag-aaral hinggil sa wika, naisulong ng artikulo ang kritikal na interbensyon ng wika upang mabura ang pagsasantabi sa mga wika sa Pilipinas. Kritikal at siyentipiko naman ang naging pagsusuri ng artikulong "UP Diksiyonaryong Filipino: Sinonismong Walang Hangganan" nina Ramon Guillermo, Rhadley Cajote at Aristeo Logronio sa inilimbag na UP Diksyonaryong Filipino ng SWF noong 2001 at 2010. Dito inilinaw ang tila pagkukulang sa siyentipiko at wastong gabay sa pagbuo ng diksyonaryo. Malaki ang ambag ng artikulong ito hinggil sa pagwawasto ng tinitingnan na pagkakamali sa pagbuo ng isang diksyurnaryong pinalaganap sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Mahalaga ang ganitong mga diskusyon at diskurso para makita ang talaban ng mga batayang ideya at mga patunay kung sa paanong paraan dapat suriin ang mga mismong materyal at produkto ng mga institusyon hinggil sa kasaysayan, halaga at silbi ng wikang Filipino bilang wikang pambansa.

**Wika at Pagpaplanong Pangkomunidad**

Magandang pagkakataon na naisama sa isyu na ito ang ugnayan ng wika sa tema ng pagpaplanong komunidad. At ang pagpaplanong ito'y hindi lamang limitado sa usapin ng pag-unlad, kundi higit pa, sa usapin ng pagdalumat sa mga kaalamang isinisiwalat ng samu't saring karanasan at kontekstong panlipunan. Naging paksain ang usapin ng kahandaan ng bansa pagdating sa pagharap sa mga kalamidad nang mangyari ang hindi inaasahang trahedyang hatid ng bagyong Yolanda. Naging tampok na diskusyon ang kakulangan sa pag-unawa kung ano ang ibig sabihin ng "storm surge" na salarin, diumano, kung bakit libo-libong tao ang namatay. Sinasabing kung alam lamang ng mga komunidad ang ibig ipakahulugan ng "storm surge," marami sanang buhay ang nasagip. Ang pangyayaring ito ang naging tampok sa artikulong "Komprehensibong Kuyog o Kanya-Kanyang Kilos? Pag-unawa at Pagplano sa Bakas ng Bagyong Yolanda sa Tacloban" ni Jose Edgardo A. Gomez, Jr. Samantala, ang artikulong "Paglahok ng mga Lider Magsasaka sa Istruktura ng Pamamahala sa Lokal at Pambansang Antas: Mga Bunga at Hamon" na kolektibong sinaliksik nina Aleli Bawagan, Ana Angela Cayabyab, Devralin Lagos, Victor Obedicen, Celeste Vallejos, at Reginald Vallejos ay naglatag naman ng mga inisyal na panunuri at mga hamon hinggil sa paglahok sa lider magsasaka sa pag-unlad ng komunidad gamit ang karanasan ng mga partikular na indibidwal. Dito, natukoy ang halaga ng pagkakaroon ng mga lider na mangunguna sa agraryong pag-unlad na nagmula mismo sa sektor ng mga magsasaka. Sa pamamagitan nito, natukoy ang mga suliranin sapagkat nauunawaan ito ng mangunguna sa mga planong solusyon. Bagaman nakatutok ang artikulong "Ang Kababaihan ng Tundo pagkatapos ng Digma, 1946-1970" ni Nancy Kimmuel-Gabriel sa partikular na yugto ng kasaysayan ng kababaihan sa isang tiyak na panahon at lunan, naisulong ang halaga at ambag ng wikang Filipino para sa artikulasyon sa pagbuo at paghubog ng identidad ng kababaihan na nakaugat pa rin sa mga tunggalian ng mga ideya't pananaw. Matagumpay na naisulong dito ang halaga pagdalumat ng lokal na kasaysayan at ang kaugnayan nito sa pagbuo ng isang komunidad.

Gayundin, narito ang isa sa mga unang artikulong nakasulat sa Filipino na nakatutok naman sa panunuri sa serbisyong panlipunan, partikular sa elektrisidad ng mga lokal na pamayanan sa konteksto ng EPIRA Act. Inilatag ng artikulong "Pagdalumat sa Sektor ng Elektrisidad sa Kanayunan ng Pilipinas" ni Allan Joseph F. Mesina ang pag-ugat sa kakulangan ng serbisyo sa elektrisidad sa mga batayang suliranin ng bansa, katulad ng kahirapan. Sinusugan ng pananaliksik ang halaga ng kolektibong aksyon ng iba't ibang sektor upang bigyang-solusyon ang suliranin sa pagkakaroon ng ilaw na matagal na ring kinakaharap ng mga komunidad. Naging tuntungan naman ng artikulong "Wika at Diwang Filipino sa Media at Komunikasyon sa UP" ni Rolando Tolentino ang importansya ng pakikisangkot ng Unibersidad ng Pilipinas, partikular ang larangan ng midya at komunikasyon tungo sa paghubog ng kamalayan at pagpapataas ng kamulatan ng mga mag-aaral hinggil sa halaga ng wika at modernong teknolohiya. Sa pamamagitan ng interdisiplinal na lapit, napagtagni-tagni ng artikulo ang usapin sa wikang Filipino bilang lunsaran ng komunikasyon upang mapalawak ang iba't ibang disiplina sa UP katulad ng medisina, inhineriya, agham at iba pa.

**Panunuring pampanitikan**

Ang huling bahagi ng isyu na ito'y nagpapatuloy sa paglathala ng mga kritikal na papel na sumusuri sa produksyong pampanitikan sa bansa. Bilang isang larang na matatag at maunlad na, hindi pa rin nawawala ang mayamang bukal ng kaalamang isinisiwalat ng bawat panunuri sa mga partikular na akda. Ang kagandahan pa rito, tumutulay ang mga manuskrtiko sa higit pang panunuri sa lipunan at kultura. Bahagi nito ang artikulong "Pagpuwing sa Daigdig na Minatang-Manok: Politika, Estetika, at Poetika ng Espasyo sa mga Dula ni Rolando S. Tinio" ni Eugene Y. Evasco. Dito, sinuri ang mga piling dulang pampelikula, entablado at telebisyon ni Tinio bilang lunsaran sa paglikha ng diskurso sa ugnayan ng mandudula sa kanyang sining. Samantala, ang artikulong "Pagtatanghal ng Tulang Akeanon: Papel ng Vernakular sa Pag-akda ng Pambansang Panitikan" ni John E. Barrios ay mayroon namang mahigpit na ugnayan para sa pagsasatinig ng mga tulang Akeanon tungo sa pagbuo ng pambansang panitikan. Dito tinukoy na ang bawat tulang nalilikha sa mga partikular na panahon at lunan ay may tiyak din na kontribusyon sa pagbuo ng wikang pambansa kung saan ang wikang vernakular ang daluyan ng kaalaman. Huli sa bahaging ito, hindi matatawaran ang kontribusyon ni E. San Juan para sa kanyang artikulong "Panitikan, Ideolohiya at Rebolusyon: Edukasyon at Pedagohiya sa Pagbasa ng nobelang Desaparesidos ni Lualhati Bautista." Dito naisagawa ang teorisasyon at pagbasa sa akda ni Bautista at kung sa paanong paraan ito magiging lunsaran bilang konseptuwal na balangkas tungo sa higit na pag-unawa sa malawak na konteksto ng lipunan, wika, at kulturang Filipino

**Susog-kahulugan**

Sa isang pagpupulong kasama ang ilang mga akademiko mula sa iba't ibang larang, pinuna ako ng isang biologist hinggil sa paggamit ko ng salitang "susugan" upang sundan ang ideyang inilatag ng isa sa mga kasama sa pulong. Ang banggit sa akin ng biologist, ang ibig ipakahulugan ng "susog" ay "amendment." Napatanong din ako sa sarili, at bukas naman sa pagwawasto. Sa pagsangguni ko sa diksyonaryo, totoong isa sa mga salin ng kahulugan ng "susog" ay "amendment." Subalit hindi rin naman pala ako nagkamali dahil ang isa pang tinukoy na kahulugan nito'y pagsunod sa landas na tinungo nang nauna. Kung tutuusin, dalawang aspekto ang maaari nating tingnan sa simpleng engkwentrong iyon. Una, naroon ang interes ng mga siyentista hinggil sa tamang kahulugan at paggamit ng wika. At ikalawa, hindi matatawaran ang samu't saring kahulugang nalilikha ng mga wika sa Pilipinas na marapat pa nating suriin at balik-tanawin, lalo na ang mga salitang inaakala nating batid at gagap na natin ang kahulugan at lubos ang pagkakaunawa.

Ngayon, higit kailanman, nagpapatuloy ang halaga at pangangailangan ng interaksyon ng mga eksperto sa iba't ibang larangan sa akademya tungo sa pagbuo ng mga batayang kaalamang nakaugat sa ating pagkabansa at lahi. Habang nakatanaw tayo sa kung anu-ano na ang nangyayari sa labas ng ating pamantasan at bansa, naroon pa rin ang ating pagkakaugat sa lupang ating tinatapakan, hangin na pinagkukunan ng hininga, at bukal ng tubig na pinagsasalukan natin ng mga kaalaman. Dito tayo sasalok ng impormasyon na handang ipamahagi sa lahat ng uhaw sa dunong. Sa pamamagitan nito, nagpapatuloy ang pag-unlad ng wikang Filipino bilang lunan ng kamalayan na tumatagos sa iba't ibang henerasyon at salinlahi ng ating bansa.

**Dr. Rommel B. Rodriguez**
Editor
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman